# 1

Ngumiti si Sister Ivy nang mamataan si Micaela na lumabas mula sa kumbento.

"Mabuti nandito ka na, Micaela. Iyong mga didiligan na lang ang asikasuhin mo. Hindi ko na iyon nagawa dahil inuna ko itong pagbubungkal ng lupa. Mabuti nang mataniman ito habang hindi pa sumisikat ang araw. May mga buto ng pechay na binili ni Sister Angie ang itatanim ko dito."

Tumango si Micaela at sinimulan na niya ang inutos sa kanya ni Sister Ivy. Tuwing umaga matapos magdasal sa kanyang kuwarto at nagtutungo siya sa gulayan sa likod lang ng kanilang eskuwelahan. Ugali na niyang tumulong sa mga madre sa pag-aalaga ng mga tanim na gulay dahil nalilibang at naaliw din siya sa ganitong trabaho.

Sa *St. Margaret's Academy* lumaki at nagdalaga si Micaela Gonzaga. Galing siya sa isang mayamang pamilya subalit nang mamatay ang kanyang mga magulang sa isang aksidente noong siyam na taong gulang pa lang siya, nagpasya ang kanyang nag-iisang kapatid na si Satur na iwan na siya sa exclusive school for girls na iyon nang permanente.

Noon pa mang bata pa sila, ramdam na niya ang inis ng kanyang kuya sa kanya. Bata pa lamang si Satur ay namulat na ito na mapupunta rito ang ari-arian ng pamilya kaya nang ipanganak si Micaela nang labindalawang taong gulang na ito, hindi iyon matanggap ng lalaki. Para rito, isa lamang siyang kahati sa yamang ipinamamana ng kanilang mga magulang.

Si Micaela naman ay lumaking ilag at takot sa kapatid.

Labing-dalawang taon na siya sa piling ng mga madre at mas gugustuhin niyang mamalagi roon kaysa bumalik sa malaking bahay nila at makasama ang nakatatandang kapatid. Maligaya siya sa buhay niya ngayon kahit salat sa karangyaan. Wala siyang interes sa kayamanan nila dahil ang mahalaga sa kanya ay ang makapaglingkod sa Diyos at sa kapwa.

Karamihan ng mga kasama ni Micaela sa *St. Margaret's Academy* ay pawang mga galing sa mayayamang angkan at kilalang pamilya ngunit ang mga ito ay madalas magbakasyon sa kanilang mga tahanan kapag tapos na ang klase hindi katulad niyan na ginawa nang tirahan ang kanilang eskuwelahan at ang mga madre na ang tumatayo niyang mga magulang. Subalit sanay na siya sa ganitong buhay

hindi na siya naghahangad ng higit pa roon.

Kung tutuusin, may natapos na siyang kurso at puwede na rin siyang umalis doon katulad ng mga naging kaklase niya. Nasa plano na niya na tuluyang maglingkod sa Diyos. At sinisimulan niya iyon ngayon sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain ng mga madre. Maging sa opisina ng eskuwelahan ay tumutulong din siya.

Kung mayroon man siyang dapat ipagpasalamat sa Kuya Satur niya, iyon ay ang pagsusustento nito para sa mga pangangailangan niya. Maging ang bayad sa eskuwelahan ay hindi rin nito nakakaligtaan simula noong una pa man siyang pumunta roon. Ngayon na nakatapos na siya, mayroon na rin siyang allowance na natatanggap buwan-buwan bukod pa sa pambayad niya sa dormitoryo nila at sa pagkain.

Wala nga yatang balak ang kapatid niya na kunin siya mula roon. Huli niya itong nakita noong graduation nila ng kolehiyo, pagkatapos ay wala na siyang balita rito maliban sa buwanang padala na natatanggap niya. Kunsabagay, pareho lang siguro silang ayaw mapalapit sa isa't isa.

"Sister, maiba po ako sa usapan. Paano ninyo po nalaman na talagang magmamadre kayo?" usisa ni Micaela sa madre.

Huminto ito sa ginawa at tumingin sa kanya. “Mararamdaman mo ’yan sa puso mo, Micaela.”

Parang lumungkot ang mukha ng dalaga. “Kasi po para sa akin gusto ko na nga pong magmadre ngunit parang mayroon pa ring humahadlang sa balak ko at hindi ko matukoy kung ano.”

“Kasi hindi mo pa lubusang naranasan ang mamuhay sa labas kaya hindi pa buo ang loob mo. Mahirap magbago ng isip kapag nabendisyonan ka na bilang isang lubos na madre. Kailangan mo munang makasiguro para sa iyong sarili. Tutal lagi namang bukas ang lugar na ito para doon sa desididong maglingkod sa Diyos.”

“Ngunit paano ko po mararanasan, sister, kung wala akong kamuwang-muwang sa ibang buhay maliban dito sa loob ng kumbento?”

Ibinaba ng nakatatandang babae ang hawak na pambungkal at masuyong ngumiti sa kanya. “Hindi rin tama, hija, na kaya ka magmamadre ay dahil wala kang choice o kaya ay napipilitan ka lang. Dapat bukal sa kalooban mo ’yun. At para makasiguro ka nga, kailangang maranasan mo ang parehong buhay para malaman mo kung para saan ka talaga. Kahit sa labas ng kumbento, puwede mo rin namang magampanan ang iyong tungkulin

bilang isang tapat na Kristiyano," seryosong anito.

"Ewan ko, sister. Parang hindi ko kayang mamuhay sa labas nito kaya siguro po para ako sa Panginoon."

"Huwag kang magmadali. Sigurado akong may plano ang Diyos para sa iyo. Hintayin mo lang darating din ang araw na handa ka nang magdesisyon sa magiging kinabukasan mo," sabi nito sabay hawak sa kamay niya.

"Sana nga, sister… " puno ng pag-asang turan ni Micaela.

---

Kinagabihan sa loob ng kanilang dormitoryo, masaya silang nagkukuwentuhan ng mga kasamahan niya. Pawang mga estudyante pa ang mga ito at si Micaela pa lang ang nakatapos na. Kaya nga madalas na siya ang pinagtatanungan ng mga ito tungkol sa mga aralin sa eskuwelahan.

Si Shirley ay nag-aaral pa rin kahit mas matanda ito ng isang taon sa kanya. Palibhasa ay anak-mayaman at sunod ang layaw kaya hindi ito nagtino sa pag-aaral kaya napilitan ang mga magulang nito na ipasok ito sa *St. Margaret's Academy*—para umano madisiplina ng mga madre. May kaunting

pagbabago na rito ngunit hindi pa nito maiwasan ang ibang mga nakagawian nito. Hindi naman nais ng mga magulang ng dalaga na tuluyan na itong magmadre. Ang tanging gusto ng mga ito ay malayo ang babae sa masasamang bisyo na unti-unti na nitong natitikman.

Kay Shirley nalalaman ni Micaela ang tungkol sa mga gimmicks, pati na rin ang pakikipagrelasyon ng mga babae sa lalaki.

Masasabing magkaibang-magkaiba silang dalawa—sa kilos pa lang at pananaw sa buhay. Ngunit ang nakapagtataka, naging matalik silang magkaibigan. Iginagalang niya kung ano ang pagkatao mayroon si Shirley at ganoon din naman ito sa kanya. Pareho nilang alam ang istorya ng buhay ng bawat isa kaya may lakip na pag-unawa ang inuukol nila sa isa't isa.

Bago sila matulog nang gabing iyon ay niyaya ni Shirley si Micaela na sumamang magbakasyon sa bahay ng mga ito. Hindi kaagad sumagot ang dalaga.

"Micaela, huwag mong sabihin na tatanggihan mo ako. Minsan lang akong nagyaya sa iyo, huwag mo akong ipahiya, okay?" kunwa ay pagtataray ng babae.

"Nakakahiya sa inyo. Ano ang sasabihin ng mga magulang mo?" mahinang sagot niya.

"They will like you for sure. Actually, kilala ka na rin nila at alam nilang malaki ang naging impluwensya mo sa pagbabagong-buhay ko at tinatanaw nilang utang-na-loob iyon sa iyo," nakangiting sagot ni Shirley.

Naalala ni Micaela ang huling pag-uusap nila ni Sister Ivy. Sabi nito, ganap siyang makakapagdesisyon kung ano talaga ang gusto niya kung mararanasan naman niya ang buhay sa labas ng kumbento.

"Baka magalit si Kuya," ani Micaela.

"Hindi magagalit ang kuya mo. Unang-una, hindi niya malalaman dahil hindi naman siya pumupunta dito. Pangalawa, bakit siya magagalit kung sumama ka sa akin, hindi ka naman magtatanan, ah?"

"Sina Sister kaya, payagan ako?"

"Ay naku! Matutuwa pa nga ang mga 'yun. Hindi mo ba alam na naaawa nga sila sa iyo dahil tuwing bakasyon, laging ikaw ang natitira dito. Naturingan ka ngang may kapatid, pero wala namang pag-aalala sa iyo. Kaya mabuti pang sa ibang bahay ka na lang magbakasyon. Welcome na welcome ka pa sa amin sinisiguro ko 'yun sa iyo," anito.

Kahit papaano, masakit sa kanya ang sinabi ni Shirley dahil totoo iyon. Hindi nga niya naranasan na may nag-aalala sa kanya maliban na lang sa mga madre at mga malalapit niyang kaibigan sa kanilang dormitoryo. Hindi niya naranasan kung ano ang ibig sabihin ng pamilya dahil nasanay siyang laging nag-iisa.

“O ano, payag ka na?”

“Sige, ikaw ang bahala. Basta, Shirley, huwag mo akong pababayaan. Alam mo namang ngayon lang ako lalabas nang ganito.” Parang batang takot na takot siya.

Napatawa si Shirley. “Huwag kang mag-alala, ako ang bahala sa iyo. Isa pa pananagutan yata kita kina Sister kaya ang takot ko lang kung may mangyari sa iyo.” Ngumiti ito sa kanya. “Maiba tayo ng usapan, pag umalis tayo dito, huwag ka nang magdala ng damit. Ako na ang bahala sa mga susuutin mo.”

“Pero, Shirley, hindi naman tama ’yun. Makikitira na nga ako sa inyo, pati ba naman damit, iaasa ko pa sa iyo? Hindi ako papayag.”

“Gusto mo bang himatayin si Mommy pag nakita niya ang mga sinusuot mo?” natatawang saad ni

Shirley.

Hindi makakailang maganda si Micaela hindi nga lang masyadong naaalagaan dahil simple lang siya at walang kolorete sa katawan. Lagi lang nakatali ng itim na goma ang medyo kulot at mahaba niyang buhok. Madalas ding sabihin ni Shirley na super baduy ang mga damit niya at manang na manang tingnan. Nagulat pa nga ito noong malaman nitong mas bata siya rito n ang isang taon dahil napagkamalan pala siya nitong mahigit treinta na.

"Ikaw ha, sobra ka namang manghamak, ah," aniya gayung natatawa rin. Alam niyang sosyal ang kanyang kaibigan at ang ina nito. Big-time businessman naman ang ama ni Shirley.

"I didn't mean to insult you. My mom will be horrified pag nakita niya ang mga damit mo. Don't worry, kami na bahala sa damit at iba mo pang pangangailangan."

"Sige, bahala ka. May kaunting savings pala akong ibibigay sa iyo para makabawas sa gastos," aniya.

"No need. Treat ko ito sa iyo sa magagandang nagawa mo sa akin kaya ako na lang ang bahala, okay? Dapat i-enjoy mo lang ang pagbabakasyon

mo sa amin." Nagtalukbong na ito ng kumot. "Good night."

Nakatulog si Micaela nang gabing iyon na punong-puno ng pangamba ang puso, pero alam niyang maaaring bahagi ito ng mga plano ng Diyos sa kanya kaya lalabanan niya ang takot na bumabalot sa kanyang isip at damdamin.

Nang kausapin niya ang kanyang Mother Superior kinabukasan, hindi nga nagkamali si Shirley ng hula, natuwa pa ang madre na lalabas siya ng kumbento para magbakasyon.

# 2

Halos malula si Micaela sa karangyaan na nakikita niya sa labas at loob ng bahay nina Shirley. Lalo pa siyang humanga sa mga nakitang kagamitan. Mga mamahalaing upuan, paintings, imported rugs at mga sari-saring antique collections ng ina ni Shirley.

Napakaalangan niya sa lugar na ganito at tama nga si Shirley; baka himatayin ang ina nito kapag nakita ang hitsura niya na parang galing sa bundok. Mabuti na lang, hindi rin niya ipinilit na dalhin ang mga damit niya kundi baka taasan pa siya ng kilay ng mga katulong. Mas maganda pa ang mga suot nitong uniporme kaysa sa mga damit niya.

Nang makilala niya ang ina ng kaibigan, naging mainit ang pagtanggap nito sa kanya. Masaya ang kanilang kuwentuhan habang kumakain kaya naman lalong napalagay ang loob ni Micaela sa ginang. Pakiramdam niya, parang anak na rin ang turing nito sa kanya kahit ngayon pa lang sila nagkita.

Wala ang ama nito dahil nasa trabaho at ang kapatid naman nito ay kasalukuyang nagte-take ng summer classes. Mamayang hapunan pa umano niya ito makikilala.

Tulad ng inaasahan ni Micaela, magagarang kagamitan rin ang nakita niya sa loob ng pansamantalang magiging silid-tulugan niya.

Kinahapunan, isinama siya ng mag-ina sa parlor. Bumagay sa hugis ng kanyang mukha ang bagong haircut niya. Talagang humanga si Micaela sa milagrong ginawa sa kanya ng baklang nag-ayos sa kanya. Nilagyan pa siya nito ng kaunting make-up sa kanyang mukha. Tuwang-tuwa naman ang mag-ina sa kinalabasan ng make-over niya.

Pagkatapos, sa isang sikat na boutique sila pumasok. Hindi na mabilang ng dalaga kung ilang beses siyang nagsukat ng damit. Kung hindi lang siya nahihiya sa kaibigan, gusto sana niyang tanggihan ang mga iyon dahil bukod sa hindi siya sanay sa ganoong kasuotan, pakiramdam ni Micaela ay wala siyang suot dahil kitang-kita ang hubog at kurba ng kanyang katawan sa mga pinili nitong mga damit para sa kanya. Gayunpaman, pulos puri ang natanggap niya mula kina Shirley at sa ina nito.

Nang mapagod sa kalilibot sa mall, ipinasya ni Shirley na kumain sila sa isang mamahaling restaurant. Natikman ni Micaela ang mga pagkaing ibang-iba sa nakasanayan niya.

Biglang pumasok sa kanyang isipan na ma-e-

enjoy rin niya ang ganoon kung ipaglalaban lang niya ang karapatan sa kayamanang naiwan ng kanilang pamilya. Ngunit pilit niya iyong iwinaglit sa isipan.

Nang gabing iyon nakilala na ni Micaela ang Daddy at ang nakababatang kapatid ni Shirley na si Jeffrey.

Masama man ang maiinggit, hindi pa rin maiwasan ni Micaela ang maramdaman iyon habang nakikita ang pamilya ng kaibigan; masasaya ang mga ito at nagmamahalan.

“Micaela, Shirley told me that you’re still not sure with your vocation of being a nun. It’s good that you took some time off to think about your call to monastic life. If you want, puwede ka munang magtrabaho sa opisina para mas lalo mong ma-realize kung ano talaga ang calling mo. I’m willing to help you and you can start anytime you want,” alok ni Mr. Fernando Navarro. “Malaki ang naitulong mo kay Shirley kaya gusto naming makaganti sa iyo sa kahit anumang paraan na kaya namin.”

Kiming ngumiti siya. “Sir, I’m not asking for anything in return. The fact na natulungan ko si Shirley ay kalooban ng Diyos. Wala ho kayong utang-na-loob sa akin, pero nagpapasalamat pa rin po ako

na gusto n'yo akong matulungan at kung sakaling kakailanganin ko po ng trabaho, kayo ho ang una kong lalapitan."

"Laging may bakanteng trabaho sa opisina para sa iyo. I'm very happy na merong naging kaibigan ang anak ko na katulad mo. You're still young but you're very brave and full of wisdom. Bihirang-bihira na lang matagpuan ang mga taong katulad mo lalo na sa klase ng kabataan ngayon."

"Pinariringgan yata ako ni Daddy, ah," sabat ni Jeffrey na nakangiti.

Sabay-sabay silang nagtawanan.

"By the way, about the party tomorrow night, handa na ba kayo ni Micaela, Shirley?" tanong ni Fernando.

"Yeah, Dad! Mission accomplished na kami. Thanks to Mommy."

"Good! Rafael Zamuller is a good friend of mine. He's a brilliant businessman kaya bata pa lang, he is already earning millions. Importanteng makapunta tayo sa birthday party niya."

Biglang nagningning ang mga mata ni Shirley. Nabanggit na nito noon pa mang nasa kumbento

pa sila ang paghanga nito para sa binata. Ito raw umano ang dream man ng kanyang kaibigan.

"Sino ba ang steady girlfriend niya ngayon, Daddy?"

"As far as I know, wala siyang steady girlfriend. If you really mean steady," natatawang sabi ng ginoo.

May intrigang sumibol sa puso ni Micaela para sa binata.

---

Biglang nakaramdam ng pagkahilo si Micaela nang pumasok sila sa maluwang na bakuran. Napakalaki ng mansion na pinuntahan nila at kahit hindi pa niya nakikita ang loob niyon, sigurado siyang mas maganda iyon kaysa sa bahay nina Shirley. Marami nang tao sa harap ng bahay at halatang mga may sinabi ang mga iyon sa buhay.

Pakiramdam ni Micaela umikot ang paningin niya ngunit pilit niyang pinapakalma ang kanyang sarili. *Hindi ko yata kaya*, sa loob-loob niya.

Napansin ng mag-ina ang pagkataranta sa mukha ng dalaga. Nag-aalalang nagtanong sa kanya si Tita Salve. "What's wrong, Micaela?"

"Are you all right?" nababahala ring tanong ni

Shirley.

"Yeah, of course. Kailangan ko lang munang pumunta sa rest room to compose myself."

"Okay. Shirley, samahan mo si Micaela," utos ng mommy nito.

"No need. Huwag mo na akong samahan, Shirley. Baka matagalan ako. Hahanapin ko na lang kayo pagkatapos ko sa rest room. I'll be fine, don't worry about me."

"Okay, huwag ka lang masyadong magtagal. Hihintayin ka na lang namin doon." Itinuro ni Shirley ang isang mesa.

Tumango muli si Micaela at tumalikod. Madali niyang nakita ang banyo na itinuro ng waiter na napagtanungan niya. Pumasok siya sa loob ng isang cubicle. Pakiramdam niya ay nahihilo siya.

Makaraan ang ilang saglit medyo gumaan ang pakiramdam niya ngunit gusto niyang makasagap ng preskong hangin kaya ipinasya niyang lumabas at maglakad-lakad muna sa nakita niyang garden.

---

Kumuha si Rafael ng isang stick ng imported na sigarilyo at sinindihan ang dulo niyon. Tinungo

niya ang terrace na karugtong ng kanyang silid para lumanghap ng sariwang hangin. Paborito niyang tanawin ang labas ng kanyang kuwarto dahil kitang-kita roon ang malawak na garden at malaking swimming pool na nasa likod-bahay. Dahil nasa harap ang kasiyahan, walang bisitang napapadpad doon.

Magandang-maganda ang ayos ng mansion ni Rafael at unti-unti nang nagdaratingan ang mga panauhin niya para sa kanyang kaarawan. Minabuti niyang mapag-isa muna bago harapin ang kanyang mga bisita.

Masasabing halos wala na siyang mahihiling pa sa buhay niya kung kayamanan ang pag-uusapan dahil malayo na ang kanyang narating. Siguro panahon na para mas pagtuunan naman niya ng pansin ang pag-aasawa.

*Treinta y cinco ka na, Rafael,* sabi niya sa sarili. *Kailangan mo na ngang mag-asawa at baka mapag-iwanan ka na ng panahon.*

Mawawalan ng saysay ang lahat ng pinaghirapan niya kung hindi siya magkakaroon ng anak na siyang magmamana ng kayamanang iyon.

Ipinangako niya na bago matapos ang gabing

ito, pipili na siya ng babaeng pakakasalan.

Dapat ang mapapangasawa niya ay tinitingala rin sa lipunan na kanyang kinabibilangan para maging perfect hostess ito sa mga pagdiriwang na tulad ng ganito.

Hindi siya naniniwala sa pag-ibig; para sa kanya, isa lang iyong kalokohan. Ang pag-aasawa ay para lang ding pagnenegosyo. It was a risk he had to take and he had to make sure that the marriage would bring gain to him.

Nang maupos ang kanyang sigarilyo, minabuti niyang bumaba na sa kasiyahan. Aalis na sana siya sa terrace nang mapansin niya ang isang babae na naglalakad mag-isa sa garden. Kumunot ang noo niya.

Sino ang babaeng ito? Bakit mas pinili pa nitong magtungo sa panig na iyon ng bahay kung naroon ang kasayahan sa harap?

Napangiti siya nang magkaroon ng sariling kasagutan sa kanyang tanong. Alam marahil ng babae kung saan nakatapat ang kuwarto niya at nagbabaka-sakaling makita siya para masolo muna siya nang ilang saglit. Bumilib din siya sa gimik na ginawa nito. Parang alam na alam na paborito

niyang tanawin ang hardin kaya roon pumuwesto. Siguro, hindi ito nakapaghintay na lumabas siya mula sa kanyang kuwarto.

Sanay na si Rafael na ang mga babae ang gumagawa ng paraan para mapalapit sa kanya. Nakakayamot na rin iyon kung minsan, pero dahil kaarawan niya ngayon at talagang naghahanap siya ng mapapangasawa, pagbibigyan niya ang isang ito. Naiintriga siya dahil kahit mula sa malayong kinaroroonan niya, alam niyang ngayon lang niya nakita ang babae. He could tell she was sexy, though. Ipinasya niyang lapitan ito.

Nakatalikod ang babae nang lapitan ni Rafael. "Waiting for someone?" untag niya.

Bigla itong lumingin nang marinig ang boses niya at natigilan si Rafael nang masilayan ang mukha ng babae. Napakaganda nito!

May bumakas na takot sa inosenteng mukha nito at may kung anong emosyon na bumalot sa kanyang katauhan na hindi niya maintindihan. Hindi siya pamilyar sa damdaming pumuno sa puso niya para sa dalagang ni hindi niya kilala.

He felt like he was under a spell. Hindi siya magugulat kung may magsasabi sa kanyang isang

diwata ang kaharap niya ngayon. Parang may magnetong humila sa kanya para lalong lumapit sa babae.

Kumabog ang dibdib ni Micaela. Hindi ito sanay na mapag-isa kasama ang isang lalaki—lalo na at kasing-guwapo ng kaharap nito ngayon. Gusto nitong magtatakbo palayo ngunit tila napako ito sa kinatatayuan. Umurong yata ang dila ng dalaga; matagal bago nito nakuhang sumagot sa tanong ng binata.

"N-no. I… I mean, nagpapahangin lang ako," anito.

Hindi maalis ang tingin ni Rafael sa mukha ng babae. Ngayon lang siya nakakita ng ganito kainosenteng mukha. Ngunit ang katawan nitong nahahakab ng suot nitong gown ay nagpapainit sa kanyang pagkalalaki.

Innocent seductress. Ito ang sumagi sa isip ni Rafael bilang akmang deskripsyon para sa babae.

"You're beautiful," di-mapigilang sambit ng lalaki. Ang mga kamay niya ay parang may sariling isip na humaplos sa makinis na mukha ng nabiglang babae. Kusang inilapit niya ang mukha rito para siilin ng halik ang mapupula nitong labi.

Sa pakiwari niya libu-libong boltahe ng kuryente ang gumapang sa buo niyang katauhan. Parang ayaw na niyang pakawalan ang babae, lalo na at natikman na niya ang tamis at init ng mga labi nito. Halatang nabigla ang babae ngunit hindi ito nanlaban.

Hindi pa nakontento si Rafael, hinawakan niya ang likod ng ulo ng babae para lalo pa itong siilin ng halik. Pakiramdam niya, nalunod siya sa masarap na sensasyon na ngayon lang niya naramdaman. Lalo pa nang unti-unting tumugon ang dalaga.

---

Natauhan si Micaela. Hindi siya makapaniwala sa nangyari! Bigla siyang kumalas sa mahigpit na yakap ng lalaki. Sinamantala niya ang pagkabigla nito. Buong-lakas na itinulak niya ito at tumakbo palayo.

“Wait!” narinig niyang sigaw ng lalaki. Ngunit hindi na ito nilingon ni Micaela. Sa halip, lalo pa niyang binilisan ang pagtakbo.

Kaagad naman niyang nakita ang mga kasama. Lumapit siya sa mesa ng mga ito.

“Are you all right, Micaela?” usisa ni Shirley nang mapansin ang pamumutla ng mukka niya. “Susunod na sana ako sa iyo kanina dahil medyo

nagtagal ka na sa CR."

"I… I'm fine. Nagpahangin lang ako sandali kaya hindi ako nakabalik agad."

Pinilit niyang kalmahin ang sarili para hindi mag-alala ang mga kasama. Nakatulong ang kaunting alak na sinimsim niya para medyo gumaan at kumalma ang pakiramdam niya. Pinilit niyang winaglit sa isipan ang nangyari sa hardin.

Makaraan ang ilang saglit bumulong sa kanya si Shirley na nakaupo lang sa tabi niya. Ang mga magulang nito ay abala sa pakikipagkuwentuhan sa iba pang kakilala ng mga ito.

"Ayaw ko na kay Rafael," narinig niyang sabi ni Shirley.

"Bakit?" tanong niya.

"Wala na akong pag-asa sa kanya. Nakikita mo ba ang babaeng 'yun?" Tiningnan ni Micaela ang inginuso nito.

Maganda at elegante ang nakatayong babae na may kausap na isang may-edad na lalaki. Very sophisticated ito at kahit sino ay mapapalingon sa taglay na ganda nito.

"Bakit, sino ba siya?" naiintrigang tanong niya.

"'Yan ang current love interest ni Rafael, si Tiandra Samonte. Isa siyang sikat na fashion model at very in demand nowadays. Paano pa lalaban ang beauty ko diyan? Ganyan pa naman ang taste ni Rafael sa babae."

"Malay mo naman, magkagusto din siya sa iyo. Maganda ka rin, Shirley," aniya.

"Hopeless na talaga, Micaela. Masyado lang akong naging childish at romantic, nadadala lang siguro ako sa mga romance novels na nababasa ko," anito. "Pero huwag kang mag-alala, hindi naman ako broken-hearted, ano! Crush lang iyon, hindi naman seryoso."

"Akala ko naman, inaantay mo na lang ang pagtatapat niya sa iyo."

"Siyempre pag crush mo ang isang tao, feeling mo may gusto rin siya sa iyo. Madalas kasi siya noong pumasyal sa bahay. Minsan doon siya nagdi-dinner at nananaghalian. Kilig na kilig naman ako, feeling ko talaga kunwari lang siyang nakikipag-usap ng tungkol sa business kay Daddy pero ang gusto talaga niya ay makita ang beauty ko. Nakakatawa, di ba?" napahagikgik na kuwento ni Shirley.

"Hindi naman imposible na totoo ang hinala mo,"

aniya. Kung minsan, naiisip niya kung masarap nga ba talagang ma-in love. Pero pilit niyang binabalik ang isip sa plano niyang magmadre.

"Medyo natauhan na ako. Totoo ang sabi ni Daddy kagabi. Rafael has plenty of women waiting for his beck and call, ayaw ko namang mapasama d'un, no!" dagdag pa nito.

Lumagok uli ng kaunting alak si Micaela. Naisip niya, mahirap nga din palang magmahal sa isang lalaki pag alam mong iba ang kanyang gusto. Mabuti si Shirley kaya nitong dalhin ang sarili. Paano kung siya ang nasa sitwasyon ng kaibigan, ano kaya ang gagawin niya?

Mas mabuti na lang at magmamadre siya. Ngunit sumagi sa isip niya ang nangyari sa hardin at pakiramdam niya ay hindi na siya karapat-dapat para sa bokasyong iyon. Lihim siyang nagdasal para sa kapatawaran ng kasalanang nagawa niya.

"Nakikita mo 'yung lalaki na iyon?" bulong muli ni Shirley. Itinuro nito ang taong nakaupo sa harap ng isang mahabang mesa malapit sa kanila.

Kaagad nahagip ng kanyang tingin ang guwapong lalaki na sa tantya niya ay nasa beinte cinco ang edad.

"'Yan ba si Rafael?" takang tanong niya. Hindi niya akalain na bata pa pala ito.

Tumawa si Shirley. "Hindi, ah! Malayong-malayo diyan si Rafael. Siya si Dexter, dati kong manliligaw. Matagal ko na siyang hindi nakita dahil pumunta siya sa ibang bansa para mag-aral. Nagulat nga ako nang makita ko siya dito. Naalala ko, business partner nga pala ng daddy niya si Rafael kaya hindi nga nakapagtatakang nandito ang buo nilang pamilya."

"Kaya pala panay ang tingin dito sa mesa natin, kanina ko pa napapansin," ani Micaela.

"Ikaw ha, binola mo pa ako. Porque wala na akong pag-asa kay Rafael, pilit mo namang binabaling ang pagtingin ko sa iba," biro ng kaibigan. Nagkatawanan sila. "Pero alam mo, Micaela, malaki na ang ipinagbago niya. Hindi na siya katulad noon na parang kawayan, matangkad na payat. Hindi ko na nga siya nakilala kanina kung hindi ko siya itinanong kay Daddy. May feelings pa kaya siya sa akin?" umaasang tanong ni Shirley.

Lihim na napangiti si Micaela. "Malalaman natin 'yan mamaya. Pero sigurado akong lalapit iyan dito at bubulabugin ang telepono ninyo sa bahay." Napangiti naman si Shirley. Natuwa siya dahil mabilis nitong na-get over ang pagkabigo kay Rafael.

Hindi nagtagal ay tinawag ng host ng party ang birthday celebrant para magbigay ng message.

*Sa wakas makikilala ko na si Rafael Zamuller*, sa isip-isip ni Micaela nang isa-isang nagtayuan ang mga bisita para kumanta ng pagbati sa kaarawan ng lalaki.

Nabigla siya nang makita at makilalala ang taong umakyat sa entablado para magpasalamat sa lahat ng bisita. Nakasuot na ito ng puting amerikana ngayon ngunit hindi maipagkakailang ito ang lalaki sa garden na humalik kanina sa kanya!

Pakiramdam niya ay biglang umikot ang kanyang paningin, napakapit siya sa gilid ng mesa para hindi tuluyang bumigay ang mga tuhod niya.

Mabuti na lang, hindi napansin ni Shirley ang pagkabalisa niya. Narinig niyang nagpalakpakan ang mga bisita at sumabay na rin siya, pero gulung-gulo ang isip niya.

“Happy birthday, Rafael and goodbye!” natatawang bulong uli ng kaibigan sa kanya. Gumanti siya ng tipid na ngiti rito.

Naisip ni Micaela hindi na lang siya tatayo mula sa kinauupuan niya para hindi na magkrus muli ang landas nila ng binata. Mabuti na lang

hindi masyadong maliwanag sa puwesto niya kaya maikukubli niya ang sarili.

Ngunit minsan malupit ang tadhana, hindi nito inayunan ang plano niyang magtago sa isang tabi. Niyaya siya ng daddy ni Shirley na magsayaw.

"Would you like to dance with me, Micaela? Bago pa ako maunahan mamaya ng mga binata, ako na muna," biro nito. Katatapos lang nitong isayaw ang anak. Nilingon nito ang asawa. "Mamaya ka na, honey. Sigurado akong hindi ko na maisasayaw ang mga dalaga natin mamaya dahil marami nang mga bubuyog na aaligid sa mga ito," baling nito sa asawa.

"Honey, samantalahin mo na'ng pagkakataon. Marami na nga akong napapansin na mga mata ng mga kabinataan na panay ang sulyap sa mesa natin."

Walang nagawa si Micaela kundi sumunod sa ama ni Shirley. Ang totoo, hindi siya marunong sumayaw ngunit waltz naman ang tugtog kaya hindi niya kailangang gumalaw nang gumalaw.

*Sana hindi kami makita ni Rafael*, sa loob-loob ni Micaela.

Ngunit huli na ang lahat dahil kaagad pala siyang namataan ni Rafael nang papunta pa lamang sila sa dancefloor ni Tito Fernando.

Pakiramdam ni Rafael ay may bumundol sa kanyang dibdib nang makita ang babaeng hinalikan niya sa may hardin kanina na may kasamang ibang lalaki. Hindi niya maintindihan kung bakit nakaramdam siya ng selos. Kilala niya ang kapareha ng dalaga na si Mr. Navarro, matalik din niyang kaibigan ito.

*Is she his mistress?* Pero naalala niyang nakita niya kanina ang asawa at anak ng matanda kaya imposibleng dalhin din nito ang kerida. Posibleng isa lamang itong family friend, sapantaha ni Rafael. Lihim niyang sinulyapan ang magkapareha at sinundan ng tingin ang bawat galaw ng babae. Napakahinhin ng mga kilos nito at halatang hindi sanay sumayaw. Gayunpaman, halos lahat yata ng kalalakihan sa lugar na iyon ay nakatutok ang mga mata sa kagandahan nito.

*Mesmerizing,* sa isip-isip ni Rafael. *And I intend to unfold the mystery that surrounds you by hook or by crook.*

“Darling, bakit bigla kang tumahimik?” pukaw ni Tiandra sa atensyon niya. Napansin nitong hindi siya sumali sa usapan ng kanilang grupo.

“Wala, may iniisip lang ako.”

"I hope it's about us," birong totoo ng babae.

Naalala ni Rafael na ipinangako niya sa sarili kanina na pipili na siya ng babaeng pakakasalan ngayong gabi. Alam niyang anumang oras na yayain niya si Tiandra na magpakasal ay hindi na siya mahihirapan pang marinig ang sagot nito. At sa mga babaeng napipisil niya, masasabi niyang si Tiandra ang pinakababagay na maging asawa niya.

Dapat bigyan na niya ito ng hint sa binabalak niya ngunit hindi niya iyon magawa dahil may gumugulo sa puso at isip niya.

Hindi niya sinagot ang nobya sa halip ay nagpaalam muna siya para kausapin ang personal assistant nang masinsinan.

"Yes, Sir. I'll do that, Sir," sagot ng babae matapos itong pagbilinan ng gusto niyang mangyari.

Pagtingin niya uli sa dance floor wala na ang magkapareha na sumasayaw kanina. Ipinasya niyang oras na para makilala niya ang misteryosong babae na nakapukaw ng interes niya.

Pinuntahan niya ang mesang kinaroroonan nito.

# 3

"Hello, everybody! Are you guys enjoying yourselves?" nakangiting bungad ni Rafael sa mga nakaupong bisita na kinabibilangan ni Micaela. Agad na dinaluhong ng pagkataranta at pagkatakot ang dibdib niya.

"Rafael! Happy, happy birthday!" bati ni Mr. Navarro. Tumayo ito para kamayan ang binata. Sumunod na bumati sina Tita Salve at Shirley na medyo namula ang mukha.

Hindi halos makahinga si Micaela nang ituon ni Rafael ang tingin sa kanya.

"And who is this lovely lady?" tanong nito.

"She's Micaela Gonzaga, Shirley's best friend," sagot ni Tito Fernando.

Walang magawa si Micaela kundi abutin ang kamay na inilahad ni Rafael sa harap niya.

"Micaela Gonzaga. That's a very nice name for a beautiful lady. I'm very pleased to meet you," anitong tila may ibig sabihin ang mga tingin na ipinupukol sa kanya. Ayaw naman iyong bigyan ng kahulugan

ng dalaga.

"Nice meeting you too, Sir..." kiming tugon niya at hinila ang kamay na tila ayaw pang bitiwan ng binata.

"Don't be so formal, just call me 'Rafael'," very intimate ang boses nito na para bang silang dalawa lang ang tao sa mundo. Gusto niyang matunaw mula sa kinauupuan.

Pinagpasalamat niya nang may lumapit na dalawang binata sa mesa nila. Ang isa ay nakilala ng dalaga na si Dexter, ang dating manliligaw ni Shirley at niyaya nito ang huli para sumayaw.

Ang kasama naman nito ay siya ang niyaya. Guwapo rin ito at hindi nito itinago ang pagkagusto sa kanya. Ito ang napapansin niyang patingin-tingin sa kanya kanina pa.

Hindi na siya nag-atubili pa. Kaagad niyang tinanggap ang paanyaya nito para maiwasan ang presensya ni Rafael. Nakita niyang parang dumilim ang mukha ng huli nang tumayo siya ngunit hindi ito pinansin ni Micaela.

Nagpasalamat siya at waltz muli ang tugtog. Pinapalangin na lang niya na sana pagbalik niya sa kanilang mesa ay wala na si Rafael doon.

Kinabukasan, tinanghali ng gising si Rafael ngunit ipinasya pa rin niyang pumasok sa opisina. Habang nagbibiyahe patungo sa Makati kung saan naroon ang business niya, mayroon siyang tinawagan at napangiti ang binata nang marinig ang sagot sa kabilang linya.

"Very good! Keep up the good work. Thank you, Dan," aniya at saka tinapos ang pag-uusap.

Pagdating niya sa opisina, tinawag niya kaagad ang kanyang sekretarya na isang may-edad na babae.

"'Yung report ni Dan?" aniya.

Mabilis naman itong tumalima at inabot ang isang brown envelope na may nakasulat na confidential sa bandang itaas.

Umupo siya sa swivel chair at kaagad binuksan ang envelope. Matapos mabasa ang confidential report na nilalaman niyon, sumandal siya sa back rest ng silya at nag-isip nang malalim.

Marami siyang nalaman tungkol sa pagkatao ng babae, thanks to Dan. Twenty-one lang ito, single at lumaki sa kumbento.

Ngunit ang pinakaimportanteng nalaman niya,

kapatid pala nito si Satur Gonzaga, isa ring miyembro ng Bachelor's Club of the Philippines. Madalas sila nitong magkita kapag nagtutungo siya sa casino. What a coincidence!

Biglang nagpasya ang binata. Nag-dial siya ng numero sa kanyang cellphone.

"Hello, Satur!" bati niya nang sagutin nito ang tawag niya. "Puwede ba tayong magkita mamaya sa dating lugar? Let's say around eight p.m.? Okay. Hintayin na lang kita doon."

At binaba na ni Rafael ang telepono sa ibabaw ng mesa at hinarap ang mga trabaho.

---

Hindi makapag-concentrate sa kanyang trabaho si Rafael, ipinasya niyang tawagan ang bahay ng mga Navarro para mapanatag ang isip. Kailangang malaman niya kung saan nag-i-stay si Micaela ngayong nasa labas ito ng kumbento.

Katulong ang sumagot nang tawagan niya ang landline ng mga Navarro. Nalaman niyang wala ang buong pamilya. May importanteng lakad si Salve. Si Shirley naman ay nakipag-date umano. Alam niyang nasa opisina pa si Fernando Navarro at nasa school naman si Jeffrey.

"Si Ma'am Micaela lang po ang nandito. Hindi po kasi siya sumama kay Ma'am Shirley," pag-iimporma ng katulong na lubhang ikinatuwa niya.

Tinapos niya ang pakikipag-usap sa katulong. Pumasok siya sa kanyang private quarters na nasa loob din ng kanyang opisina. Katamtaman ang laki ng kuwarto na naglalaman ng isang malambot na kama, mga personal na gamit niya at kung anu-ano pa. Doon siya madalas matulog kapag nag-o-overtime siya sa opisina at masyado nang pagod para umuwi sa sariling bahay.

Tinungo niya ang closet at kumuha ng damit. Nagpalit siya ng isang polo shirt na puti at kupas na *Levi's* na maong. Pinalitan rin niya ang balat na sapatos ng isang rubber shoes. Nagsuklay siya ng buhok, nagwisik ng kaunting pabango at kinuha ang kanyang sunglasses. Pasipol-sipol pa siya habang palabas ng kanyang opisina. Nagulat ang kanyang sekretarya nang makita ang porma niya.

"Aalis po kayo, Sir? Pero may appointment kayo mamaya," nababahalang paalala nito.

"Just cancel it. May importante akong lakad."

"Pag tumawag po si Ma'am Tiandra, ano po ang sasabihin ko?"

"Sabihin mo, I'm in the middle of an urgent meeting at hindi puwedeng istorbohin. Okay?"

"Yes, Sir."

Bago siya tuluyang pumunta sa bahay ng mga Navarro, dumaan muna siya sa isang flower shop at bumili ng tatlong bouquet ng mga rosas.

"Sir Rafael, kayo pala!" bungad ng katulong na nagbukas ng gate ng bahay. Kilala na siya ng mga katulong dito dahil madalas siya noon pumunta sa pamamahay ng mga Navarro.

"Magandang hapon, Manang Luming. Inabot niya rito ang mga bulaklak. "Pakibigay na lang po ito kay Salve." Kahit malaki ang tanda sa kanya ng mag-asawa, nasanay na siyang tawagin ang mga ito sa first name. "Si Micaela?" agad na tanong niya.

"Nandoon po siya sa swimming pool, kanina pa ho nagbababad sa tubig. Nagpapalipas-oras po habang hinihintay si Ma'am Shirley."

"Sige, doon muna ako. Habang hinihintay ko si Ma'am Salve mo," aniya kunwari.

"Opo, Sir. Dadalhan ko po kayo ng juice, tea or wine?"

"No, thanks. Busog naman ako."

"Opo."

Walang kamalay-malay ang dalaga na may nakatunghay sa kanya habang mahimbing ang tulog niya.

Hindi naman maintindihan ni Rafael ang kanyang nararamdaman nang makita si Micaela. Hindi niya maipaliwanag kung ano ang tumama sa kanya. Kahit kailan, hindi pa siya nakaramdam ng ganito katinding atraksyon para sa isang babae.

Nang malaman nga niya sa report ni Dan na gusto nitong magmadre, kaagad tumutol ang isip niya na para bang may karapatan na siya kay Micaela.

Dapat niyang hanapan ng kasagutan ang kahibangan niya sa dalaga at hindi siya papayag na tuluyan itong pumasok sa kumbento.

Nagising si Micaela dahil pakiramdam niya ay hindi siya nag-iisa sa kanyang kapaligiran. Hindi nga siya nagkamali; namataan niya kaagad si Rafael na matamang nakatunghay sa kanya. Saka lamang niya naalala ang hitsura—naka-bathing suit lang siya!

Niyaya ni Dexter si Shirley na lumabas. Kahit anong pilit ang gawin ng kanyang kaibigan, hindi siya sumama. Ayaw niyang maging istorbo pa siya

sa dalawa lalo na at alam niyang ngayon lang uli ito nagkita. Pinili na lang niyang tumigil sa bahay. Kaya lang biglaan namang may kailangang i-meet si Salve tungkol sa bagong business na papasukin nito at hindi siya nito maaaring isama. Sina Fernando at Jeffrey naman ay nasa opisina at sa eskuwela. Siya lamang at mga katulong ang naiwan sa malaking mansion.

Minabuti niyang mag-swimming upang hindi mainip. Humiram siya ng isang itim na bathing suit ni Shirley. Iyon ang pinaka-conservative sa lahat ng naroroon sa closet nito ngunit litaw na litaw pa rin ang kanyang alindog at kariktan. Hindi naman siya masyadong conscious dahil nag-iisa lang siya sa swimming pool at hindi rin naman magagawi roon ang mga katulong.

Nang magsawa siya sa paglangoy, ipinasya niyang magpahinga sa isang lounging chair. Hindi niya namalayan na nakatulog na pala siya!

Kaagad siyang bumangon at binalot ng malaking tuwalya ang katawan bilang proteksyon sa nanunuring tingin ni Rafael. Nakita niyang napangiti ito sa kilos niya.

"It's too late for that. Nakita ko na ang tinatago mo. Don't be shy, I enjoyed the view," sabi pa nito

habang tinitingnan siya mula ulo hanggang paa.

Namula ang mga pisngi ng dalaga pero hindi niya pinansin ang huli nitong sinabi.

"What are you doing here?" nanlalaki ang mga matang tanong ni Micaela. Hindi niya akalain na makikita pa niya ito.

"Gusto ko lang sanang pasalamatan nang personal ang mag-asawa for coming to my party last night, I even brought flowers for Salve. Unfortunately, hindi ko siya naabutan. I thought they will stay at home today dahil napuyat sila kagabi, 'yun pala wala ang buong pamilya dito at ikaw na lang ang natira dito sa bahay. So on their behalf, you're supposed to welcome me, right?" kalmanteng anito.

"Bakit hindi mo lang sila antayin? Papasok na ako ng bahay at magpapalit ng damit."

"Fine, pero bumalik ka dito kaagad dahil kung hindi, susunduin kita sa kuwarto mo. Okay?"

Parang nayamot na rin si Micaela. Hindi niya akalain na may katangian din pala siyang marunong magtaray. Iba talaga ang epekto sa kanya ng lalaking ito!

"Why should I do that? Hindi ako ang kailangan

mo and I don't want to talk to you," prangka niyang sagot.

"I thought ang mga katulad mong laking kumbento ay meek and mild-mannered?" nakangising anito. "Well, I thought wrong. You're a stubborn vixen."

"I'm not a vixen!" bulalas niya. "At paano mo nalamang laki akong kumbento?"

"I have my sources. Don't be bullheaded, Micaela. Are you forgetting the nun's discipline?" nang-aasar na sabi nito.

"You're impossible!" Tinalikuran niya ito para pumasok ng bahay at nagpalit ng damit.

Parang gusto na niya ngayong magsisi kung bakit pa hindi siya sumama kay Shirley. Hindi na sana siya naabutan ng antipatikong iyon!

Naalala niya ang halik na kanilang pinagsaluhan noong nakaraang gabi. *Stop it, Micaela!* saway niya sa sarili ngunit hindi pa rin niya napigilan ang pamumula ng kanyang mukha.

Sinadya niyang tagalan ang pagbibihis bago bumalik sa swimming pool kung saan naghihintay si Rafael. Ngunit bago pa siya bumaba ng hagdanan,

narinig niya ang tunog ng sasakyan na bagong dating. Nabuhayan ng loob si Micaela dahil hindi na sila magsosolo ni Rafael.

Nang makarating siya sa swimming pool, kausap na ng binata si Tita Salve.

"Micaela! Come and join us here, hija," aya ng ginang nang makita siya.

Sumulyap siya kay Rafael at nahuli niyang nakatingin din ito sa kanya. Ang mga titig nito ay parang nagsasabi na hindi pa sila tapos.

*Sino'ng tinakot niya?* sa isip-isip ni Micaela. Hindi magtatagal babalik na sila sa kumbento ni Shirley at malalayo na sa presence ng lalaking ito.

Hindi nakisali sa usapan si Micaela sa dalawa; nakikinig lang siya habang sumisipsip sa straw ng kanyang orange juice.

Mayamaya, may lumapit na katulong.

"Excuse me po. May tawag po para kay Ma'am Micaela sa telepono, si Marty raw."

"If I am not mistaken, it's the same guy who showed interest in you last night, isn't it, Micaela?" Parang nanunudyo ang tinig ng ginang.

"Right, Tita. Excuse me sasagutin ko lang po ang telepono," pagpapaalam niya. Hindi niya pinansin ang pagdidilim ng mukha ni Rafael.

*Buti na lang*, sa isip-isip ni Micaela.

---

Tuwang-tuwa si Shirley nang umuwi ngunit hindi dahil nagpunta si Rafael sa kanilang bahay o dahil sa mga bulaklak na dala nito. Masaya ito dahil kay Dexter. Parang batang ganadung-ganado sa pagkukuwento sa kanya si Shirley tungkol sa naging lakad nito at halatang nag-enjoy ito nang husto. Sa katunayan, nagkasundo ang mga itong magkita muli bukas.

"Paano na ang dream man mo? Nakalimutan mo na ba si Rafael?" Ewan ni Micaela parang kinakabahan siya sa isasagot ni Shirley.

"Why would I wish for a dream man when I can have a real man?"

"Malay mo naging totoo na ang wish mo at napansin ka na nga ni Rafael kagabi? Baka iyon ang dahilan kaya nagpunta siya rito at nagdala ng bulaklak."

"Siguro kung hindi pumasok sa eksena si Dexter,

paniniwalaan ko ang sinasabi mo. Pero malakas ang kutob ko. Kung meron man siyang ibang intensyon sa pagdadala ng mga bulaklak, wala iyong kinalaman sa akin. Malamang sa iyo siya nagpaparamdam," nanunuksong saad ni Shirley.

"Hindi, ah!" matigas na tanggi ni Micaela, ngunit sa kaibuturan ng kanyang puso ay naroon ang pag-asam na sana ay totoo nga ang sinasabi ng kanyang kaibigan.

*Micaela!* saway niya sa sarili. *Ano ba ang nangyayari sa iyo? Nakakalimutan mo na ba ang gusto mong gawin sa buhay mo? Ang maglingkod sa Diyos.* Umusal siya ng maiksing panalangin para mawala sa kanyang dibdib ang kakaibang nararamdaman para kay Rafael.

"Nakita ko yata ang malalagkit na tingin niya sa iyo kagabi bago kami sumayaw ni Dexter. And I can guarantee you that the guy is really interested in you. Don't worry about me, hindi ako magiging hadlang. In fact, I'll be very happy na kahit hindi siya napunta sa akin at least doon naman siya na-in love sa matalik kong kaibigan. Ang malaking problema mo lang diyan ay si Tiandra."

"Shirley! What are you talking about? Are you forgetting that I'm going to be a nun?" Pakiramdam

ni Micaela, kulang na sa bigat ang huling sinabi niya. Parang hindi na siya ang dating Micaela na lumaki sa kumbento. Tila sa isang iglap, biglang nabago ang takbo ng buhay niya dahil lang sa isang Rafael Zamuller!

"Of course not, pero di ba kailangan mo munang makasiguro sa sarili mo? This is your chance, Micaela. Sa pamamagitan ni Rafael, matitimbang mo kung anong landas ang iyong tatahakin."

Naalala ni Micaela ang sinabi sa kanya ng mga madre sa kumbento na kailangan muna niyang maranasan ang buhay sa labas. Kasama ba si Rafael sa pagtuklas niya sa kanyang kinabukasan?

# 4

Sinunod ni Micaela si Shirley, pinag-isipan niya nitong mga nakaraang araw ang kanyang magiging desisyon ngunit para sa kanya, parang mas matimbang pa rin ang kagustuhan niyang magmadre.

Tungkol kay Rafael, pilit na niyang kinakalimutan ito. Isa ito sa mga dahilan kung bakit gusto niyang bumalik sa kumbento sa piling ng mga madre. Hindi siya komportable sa kanyang nararamdaman sa lalaki. Parang nagiging iba na ang pagtingin niya sa sarili kapag nariyan si Rafael na gumugulo sa kanyang puso at isipan. Hindi siya handang baguhin ang takbo ng buhay niya. Aaminin niyang isa siyang duwag; mas gugustuhin pa rin niya ang kanyang dating tahimik na buhay kaysa mamuhay sa labas ng kumbento.

Maligaya si Micaela para sa kanyang kaibigan dahil mayroon na itong lalaking tapat na minamahal. Naging magkasintahan na ito at si Dexter kaya lalong naging inspirado ang dalaga na makatapos sa pag-aaral dahil balak nang magpakasal ng mga ito kapag nakatapos na si Shirley ng pag-aaral.

Natutuwa siya na sa kabila ng pagkakaroon

ng masalimuot na buhay noon ay may magandang bukas na naghihintay para kay Shirley. Siguro kapag nagpakasal na ang dalawa ay isa na siyang ganap na madre, sa isip-isip ni Micaela.

Dalawang araw bago sila bumalik uli sa kumbento, niyaya siya ng bagong magkasintahan na sumamang mag-bar hopping isang gabi. Hindi naman siya tumanggi dahil curious din siyang makapasok sa ganoong lugar, pero pinaalalahanan niya ang dalawa na hindi siya marunong sumayaw.

Si Shirley ang pumili ng isusuot niya: isang fit na itim na pantalon at puting spaghetti-strapped blouse. Tinernuhan niya iyon ng puting sandals na mataas ang takong. Sophisticated din ang dating ni Micaela, medyo uncomfortable lang siya sa suot niyang pangyapak pero nang naglaon, medyo nasanay na rin siya.

Tinulungan din siya ni Shirley na ayusin ang kanyang buhok. Mas pinili nitong ilugay na lang ang mahabang buhok niya. Nilagyan din siya ng kaibigan ng kaunting makeup.

“Perfect!” puri ni Shirley nang makita ang ayos niya.

“Naiilang ako dito sa blouse, parang kita na ang

kaluluwa ko," nahihiyang sabi niya.

"Nonsense! Bagay na bagay lang sa iyo. You're very beautiful, Micaela, at nakakainggit ang seksi mong katawan. Kung ako ang tatanungin mo, hindi ka bagay magmadre. Mas tatalbugan mo pa si Tiandra kung gugustuhin mo lang maging isang model."

"Shirley! You're making me uncomfortable with your compliments."

"Okay, okay, I'll keep my mouth shut from now on, promise."

Sinundo sila ni Dexter papunta sa isang sikat na bar sa Makati, parang mahihilo si Micaela sa loob dahil sa iba't ibang kulay ng mga ilaw. Nakakita sila ng isang bakanteng mesa at sa isang sulok sila pumuwesto. Halos puno na sa loob at halos siksikan na rin sa dance floor.

Napapaindak na rin si Micaela kahit papaano. Lingid sa kanyang kaalaman, may isang pares ng mga mata na kanina pa nakamasid sa kanya.

Gandang-ganda si Rafael kay Micaela sa ayos nito nang gabing iyon. Hindi siya magsawa sa katitingin dito. Bagay na bagay rito ang suot nitong damit na lalong nagpalitaw sa kaseksihan ng dalaga.

Gustung-gusto niya kapag ganitong nakalugay lang ang buhok ni Micaela. Kapag tuluyan na itong nagmadre ay hindi na niya makikita ang buhok na iyon dahil lagi na itong matatabunan ng itim na belo. May gumuhit na kirot sa kanyang dibdib sa isiping mangyayari iyon.

Nagsadya siya kanina sa bahay ng mga Navarro ngunit namataan niya ang paglabas na kotse mula sa gate. Hindi man niya nakita ang mga tao sa loob, malakas ang kutob niya na kasama roon si Micaela at hindi nga siya nagkamali nang sundan niya ang sasakyan.

Kaagad namataan ni Rafael ang mesang inookupahan nina Micaela sa loob ng disco. Nakita niyang kasama ng mga ito si Dexter. Kilala niya ang binata dahil ito ang anak ng kanyang business partner, pero gumaan ang pakiramdam ni Rafael dahil obvious na si Shirley ang gusto nito. Gayunpaman, alam niyang mamaya-maya lang ay may ibang lalaking makakapansin dito.

Ipinasya niyang lapitan ang mga ito. Kitang-kita niya ang pagkagulat ng tatlo nang makita siya.

“Mind if I join you?” malakas niyang sabi para marinig siya ng mga ito.

"Sure!" nakangiting sabi ni Dexter at tumayo ito para kamayan si Rafael bilang pagbati.

"Rafael! Come and join us, may isa pang bakanteng silya dito. Tabi na lang kayo ni Micaela," masayang aya ni Shirley.

Hindi makapaniwala si Micaela nang makita si Rafael. Bakit bigla itong sumulpot doon? Biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso lalo na nang umupo ito sa tabi niya.

"Nag-iisa ka yata?" tanong ni Shirley.

"Actually, may kausap ako. Dito kami magkikita. Unfortunately, hindi siya sumulpot. Mabuti na lang nakita ko kayo so I decided to join you instead."

"Himala! Ikaw na ngayon ang hindi sinisipot ng babae. As far as I know it's the other way around," biro ni Shirley na ikinatawa nina Rafael at Dexter. Nanatili namang walang kibo si Micaela sa tabi ng binata.

"As the saying goes, there's always a first time."

"I'm curious about this girl. She must be something para magawa niyang hindi ka siputin," singit ni Dexter.

"I won't tell you about her; it will not be good

for my reputation."

Sabay na natawa ang magkasintahan sa biro ni Rafael. Binalingan ng binata ang katabi niyang si Micaela.

"Why are you so silent, Micaela? Aren't you happy to see me?" tanong ni Rafael. Naroon pa rin ang pagbibiro sa tono nito.

Namula ang mga pisngi ni Micaela. Pero pilit niyang pinakalma ang sarili dahil nahihiya siya sa iba niyang mga kasama.

"Not really. Kung ako nga lang ang masusunod, ayaw ko nang makita pa maski anino mo," prangkang sagot niya ngunit medyo hininaan lang niya ang boses para hindi marinig nina Shirley.

Tila hindi naman ito naapektuhan ng pagtataray niya. "I guess, you were so affected by the kisses we shared that night kaya natatakot kang makita ako. Tama ba ako?"

"I was affected all right," palaban niyang sabi. "I found it repulsive!"

"You want me to prove you otherwise?" nakangising balik nito.

Naiirita na talaga ang dalaga. "No. Just leave

me alone."

"You're asking the impossible, lady," natatawa nitong sabi.

"You really are impossible!" Kung hindi lang siya nag-aalala sa magiging reaction ng mga kasama niya, tatayo na talaga siya at mauuna nang umalis sa lugar na iyon.

Mahinang tumawa ito bago magsalita muli mayamaya. "Dance with me."

"Hindi ako marunong magsayaw," pabalang na sagot ni Micaela.

Ngunit tumayo na ang lalaki at hinawakan siya sa braso sabay paalam kina Shirley. "Excuse us, guys, magsasayaw lang kami ni Micaela."

Walang nagawa ang dalaga kundi sumunod na lang sa binata papunta sa dancefloor.

"I told you hindi ako marunong sumayaw." Kailangan niyang sumigaw para magkarinigan sila. Napakalakas kasi ng tugtog doon.

"Don't worry, tuturuan kita," nakangiting turan ni Rafael.

Hindi naman ang pagsunod sa tugtog ang

mas pinoproblema ni Micaela kundi ang kanyang kapareha. Ibang-iba ang nararamdaman niya kapag malapit ito sa kanya—parang nag-iinit ang kanyang pakiramdam sa katawan, lahat ng hormones niya nakatutok kay Rafael. Hindi niya gusto ang damdaming iyon. Maraming katanungan ang idinudulot niyon na ayaw niyang hanapan ng kasagutan.

Lalong pinatibay ni Micaela ang kanyang desisyon na ipagpatuloy ang pagiging isang ganap na madre. Pinangako niya sa sarili na sa pagbabalik nila ni Shirley sa kumbento, kakausapin niya si Mother Superior. Mas pipiliin pa rin niyang maglingkod sa Diyos.

"What are you thinking?" tanong ni Rafael na pumukaw sa atensyon ni Micaela.

"Wala."

Hindi niya maiwasang humanga sa kapareha. Mahusay itong sumayaw, malambot ang katawan, hindi katulad niya na parang naninigas na tuod. Napuna niya ang ilang kababaihan na pasulyap-sulyap kay Rafael at bakas sa kanilang mukha ang paghanga para sa binata.

Nang naglaon, nag-enjoy rin siya kahit simpleng

indak lang ang kanyang ginagawa. Nakakahawa ang galing ni Rafael sa pagsayaw. Medyo nabawasan ang tensyon niya. Nang ngumiti ito ay gumanti na rin siya ng ngiti.

Nang mapagod, bumalik na uli sila sa kanilang mesa, sina Shirley at Dexter naman ang sumunod na sumayaw kaya naiwan sila ni Rafael.

"I'm glad nag-e-enjoy ka dito," ani Rafael na bahagyang inilapit ang bibig sa kanyang tainga. Kailangang gawin nito iyon dahil kahit sa kinauupuan, abot ang malakas na tugtog.

Bumalik ang kaba sa dibdib ni Micaela. May kilabot na gumapang sa kanyang katauhan dahil sa hininga nitong tumama sa sensitibong balat ng kanyang tainga. Gayunpaman, hindi niya iyon pinahalata sa binata.

"Nahawa ako sa iyo," simpleng sagot niya.

Uminom si Rafael ng malamig na beer at sinipsip naman ni Micaela ang kanyang juice at halos napangalahati niya ang laman ng baso.

"They are a nice pair," tukoy ng kaharap kina Shirley at Dexter na humahataw ngayon sa gitna ng dancefloor.

"Yeah."

"Hindi ka ba naiinggit sa kaibigan mo?" usisa nito habang matamang nakatitig sa kanya.

Kumunot ang noo niya. "What do you mean?"

"I mean hindi ka ba naiinggit kay Shirley dahil meron siyang boyfriend?"

"Bakit naman ako maiinggit? Magkaiba ang buhay namin."

Ibinaling ni Rafael ang tingin sa kanyang mga kaibigan. "Have you really decided to become a nun?"

She sighed heavily. Hindi niya alam kung dahil sa lalaking ito kaya nalilito na siya ngayon sa kung ano talaga ang gusto niya. Pero alam niya kung ano ang mas nararapat niyang gawin. "Yeah. It's the life meant for me."

"Wala na ba talagang makakapagbago ng isip mo, Micaela?" malungkot nitong tanong.

"Wala na." May diin sa tinig niya ngunit parang hindi iyon mula sa puso.

"We will see, Micaela. We will see."

Hindi na rin sila nagtagal sa bar na iyon. Pagkabalik nina Shirley at Dexter, nag-aya na si Micaela na umuwi.

Hindi niya nakuhang tumanggi nang isuhestyon ni Rafael na ito na lamang ang maghahatid sa kanya. Agad kasing pumayag ang dalawa nilang kasama. Tahimik sila habang daan.

Nang makarating na sila ng bahay, walang salitang tinanggal ni Micaela ang seatbelt at sinulyapan ang lalaki para magpaalam.

Nagtama ang kanilang tingin at ito ang unang nagsalita.

"Can I ask for a goodnight kiss, Micaela?"

Hindi niya makuhang sumagot dahil may halong pakiusap ang tanong nito at ewan niya kung bakit tila hindi niya magawang tanggihan ito.

Nabasa marahil ni Rafael sa kanyang mga mata ang pag-aalinlangan niya, ito na ang sumagot sa sarili nitong katanungan. Ginawaran siya nito ng banayad at matamis na halik sa labi. Napapikit si Micaela, dinadama ang makapanindig-balahibong sensasyon na dulot ng halik ni Rafael.

Hindi napigilan ng binata ang sarili. Muli nito

ng hinagkan si Micaela, mas mapusok at mas mainit. Waring gusto nitong ubusin ang matamis na nektar sa mga labi ng dalaga. Napaungol ang babae na lalong nagpainit sa damdamin ni Rafael. Niyakap siya nito nang mas mahigpit at nagkadikit ang kanilang mga dibdib.

"Micaela, I really want you…" Paulit-ulit nitong inangkin ang mga labi niya habang gumagapang ang isang kamay sa katawan niya.

Biglang natauhan si Micaela nang maramdaman ang kamay ni Rafael sa kanyang dibdib. Itinulak niya ito.

"Rafael, don't!" saway niya.

Napatitig sa kanya ang lalaki. "I'm sorry. I didn't mean to rush you. Hindi ko lang mapigilan ang sarili ko."

"Why are you doing this to me?" Halos naiiyak na siya dahil sa hiya. Why did she let him kiss her?

"Why are you fighting your feelings for me?" ganting tanong nito.

"Dahil iba ang mundo natin. Are you playing with me? Are you tired with your current girlfriend at ako ang napagbalingan mo dahil hindi ako

pangkaraniwang babae sa tingin mo?"

Hindi nakuhang sumagot ni Rafael dahil hindi pa rin nito mabigyan ng pangalan ang tunay na nararamdaman para sa dalaga.

Nang hindi umimik ang lalaki, napatunayan ni Micaela na totoo ang hinala niya. Kumirot ang kanyang puso. Ito ba ang lalaking gumugulo sa kanyang isipan? Ginagawa lang pala siya nitong laruan. Parang gustong umiyak sa hinagpis ng dalaga.

"Please, Rafael, just leave me alone. Nakikiusap ako, huwag mo nang guluhin ang buhay ko. I don't need any complications in my life."

Walang sabing bumaba siya sa kotse ng binata.

---

Narinig ni Micaela ang pagpasok ni Shirley sa kanyang kuwarto. Ilang minuto na rin noon mula nang ihatid siya ni Rafael. Naramdaman niya ang pag-upo nito sa gilid niya.

"Micaela, are you still awake?"

"Yeah."

"You want to talk?"

"I just don't know where to start." Bumangon siya mula sa pagkakahiga at sumandal sa headboard ng kama para humarap kay Shirley.

"Sabihin mo lang kung ano ang gusto mong sabihin."

Humugot siya ng malalim na buntong-hininga. "I still want to become a nun."

"Kahit nandiyan na si Rafael?"

"Yeah," aniya. Ang puso niya ay halos madurog isipin pa lamang iyon.

"Don't make the convent your scapegoat, Micaela."

"Hindi ko ginagawang panakip-butas ang pagmamadre," depensa niya.

"I'm sorry, Micaela, but I see things differently. Bakit hindi ka maging totoo sa sarili mo for once?" Wala siyang maisip na maisagot roon. "You know what, the real problem is you're afraid to fall in love. Naiintindihan kita dahil maaga kang naulila at kulang ka sa pagmamahal ng isang pamilya pero hindi ito dapat maging hadlang sa iyo. I'm not telling you to turn your back from serving the Lord, but I think it's not fair to serve Him just because you have no other

choice. Hindi Niya gugustuhin na maglingkod ka sa Kanya nang hindi bukal sa iyong kalooban."

"I think kalooban rin ng Diyos ang desisyon kong ipagpatuloy ang pagmamadre."

"Maybe. But there is also a possibility that you're reading the wrong signal. Ginagawa mong tama ang mali dahil ito ang gusto mong paniwalaan."

"I don't want to get hurt, Shirley," malungkot niyang pahayag.

Niyakap siya ng kaibigan. "Diyan ka din mali, Micaela. If you fall in love, you're susceptible to pain and heartache. Ang Panginoong Hesus nga, maraming dinanas na paghihirap dahil sa pagmamahal sa sanlibutan, tayo pa kaya na tao?" Tinitigan siya nito nang mataman sa mukha. "Love and pain are inseparable."

# 5

Matuling lumipas ang mga araw. Sa kabila ng mga payo ng pamilya ni Shirley at ang kanyang pagkalito, bumalik si Micaela sa kumbento. Normal na muli ang takbo ng buhay niya. Gayunpaman, hindi nawala sa isip niya si Rafael. Kung minsan nga ay gusto na niyang magalit sa sarili dahil doon. Paano siya makakapaglingkod nang maayos kung laging may gumugulo sa isip niya?

Nagulat si Micaela nang minsan ay ipatawag siya ni Mother Superior.

Habang patungo sa opisina nito, iniisip niya kung ano ang maaaring rason para ipatawag siya ng madre.

Lalo pa siyang nabigla nang madatnan na hindi nag-iisa sa kanyang tanggapan ang babae. Nakaupo sa silya sa harap ng mesa nito ang Kuya Satur niya!

Alumpihit na pumasok si Micaela. Hindi siya makatingin nang derecho sa kapatid. Hindi niya makuhang matuwa tuwing dumadalaw ito sa kanya. Laging nauunahan ng kaba at takot ang kanyang damdamin.

Ngunit sa pagkakataong ito, lalong kinabahan si Micaela dahil parang nararamdaman niya na may hatid na hindi magandang balita ang kapatid.

Tumayo si Mother Superior at sinenyasan siya nitong lumapit. Alanganing sumunod siya sa madre. Nang sulyapan ang kanyang Kuya Satur, nakatingin lang ito sa mga kuko sa kamay na para bang mas karapat-dapat iyong tingnan kaysa sa kanya.

"Halika, hija. Nandito ang kapatid mo. May mahalagang bagay raw siyang sasabihin sa iyo. Maiwan ko muna kayo dito para makapag-usap kayo nang masinsinan," paalam ng nakatatandang babae at tinungo na nga nito ang daan palabas ng opisina.

Hindi kumikibo si Micaela kahit noong marinig na niya ang pagsara ng pintuan. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin dito. Hindi nila nakasanayan na kamustahin ang isa't isa. Hinintay niya itong magsalita; nanatili siyang nakatayo.

"Sabi ni Mother Superior na gusto mo raw magmadre pero hindi ka pa masyadong nakakasiguro sa binabalak mo, totoo ba ito?" tanong nito na tinitingnan siya mula ulo hanggang paa.

Simpleng damit lang ang suot niya. Lahat ng mga binili nina Shirley para sa kanya ay puro nakatago

sa isang malaking maleta na nasa loob ng kanyang kuwarto sa dormitoryo. Ang mga lumang damit niya uli ang ginagamit niya simula nang bumalik sila ni Shirley sa kumbento.

Nakatali ang mahaba niyang buhok ng isang itim na goma katulad ng nakagawian niya at hindi na rin nakatikim maski pulbos ang kanyang mukha. Ano kaya ang masasabi ng kuya niya sa hitsura niya? Maawa kaya ito sa kanya dahil salat siya sa karangyaan sa buhay?

Pero nang marinig niya uli itong nagsalita, alam niyang wala itong katiting na pagmamalasakit sa kanya. “Totoo ba? Bakit hindi ka sumasagot? Hindi ka ba marunong magsalita?” asik nito.

“Totoo po ang sabi ni Mother Superior,” mahina niyang sagot; nakayuko ang ulo.

“Kung ganoon, kalimutan mo na ang binabalak mo dahil sa ayaw at sa gusto mo, hindi ka magmamadre. Lalabas ka dito sa kumbento. Bibigyan lang kita ng isang linggo para maayos mo ang mga dapat ayusin ’tapos ipapasundo kita sa driver kong si Mang Epo. Babalik ka muna pansamantala sa bahay at mananatili ka doon hangga’t wala pa ’kong sinasabi sa susunod mong gagawin, maliwanag?”

"Pero, Kuya, gusto ko lang po dito lang ako sa kumbento tumira," pagmamakaawa ni Micaela. Hindi niya alam kung bakit bigla na lamang itong nagdesisyon nang ganoon.

Tumaas ang tono nito. "Bingi ka ba? Kung ano ang sinabi ko sa iyo 'yun ang masusunod! Dapat kang tumanaw ng utang-na-loob at gampanan ang iyong obligasyon. At 'yon ay ang sumunod sa gusto ko matapos kitang pag-aralin. Alalahanin mong hindi mumurahing eskuwelahan ang pinasukan mo kaya dapat ring may pakinabang ako sa mga ginastos ko sa iyo."

Gustong sabihin ni Micaela na pera ng mga magulang nila ang ginastos nito ngunit hindi siya nagkaroon ng lakas ng loob na sabihin iyon sa kapatid. Malaki ang takot niya kay Kuya Satur niya at hindi niya kayang suwayin ang inuutos nito.

Tumayo ito at tinungo ang pintuan, ngunit lumingon muna ito sa kanya bago tuluyang lumabas.

"Tandaan mo, Micaela, ang sinasabi ko. Ako ang masusunod at hindi ikaw. Siguraduhin mo lang na kasama ka ni Mang Epo pag sinundo ka dito makalipas ang isang linggo, maliwanag?"

"Opo, Kuya," tanging naisagot niya.

"Mabuti kung ganoon." Tinungo na nito ang pinto at lumabas ng silid. Hindi man lang nito nakuhang magpaalam sa kanya.

Tumulo ang kanyang luha ngunit kaagad din niya itong pinahid, sa takot na maabutan ni Mother Superior sa ganoong ayos.

Hindi nagtagal, pumasok na nga ito.

"Ano ang napag-usapan n'yo, Micaela? Bakit ka malungkot?" usisa nito pagkaupo sa silya nito.

"Ipapasundo po ako pansamantala sa bahay. May binabalak po siya sa akin, pero hindi ko pa alam kung ano. Siguro gusto na rin niya akong magtrabaho ngayong nakatapos na ako sa pag-aaral," malungkot niyang kuwento.

"Baka gusto ng kuya mo na makapiling ka na niya at maranasan mo na rin ang normal na buhay. Baka bumabawi lang ang kapatid mo sa iyo, Micaela."

*Sana nga, Mother*, aniya sa isip. Pero duda siya roon.

"Kung ako lang po ang masusunod, mas gusto kong manatili na lang po rito sa kumbento."

"Alam ko 'yan, hija, at naiintindihan kita. Hindi sa tinataboy kita dito pero hindi sa lahat ng

pagkakataon, nasusunod ang gusto natin. Sigurado akong may plano ang Diyos para sa iyo. Hindi lamang ito kagustuhan ng kuya mo. Maaaring ginagamit lang na instrumento ng Panginoon ang kapatid mo para matupad ang plano niya para sa iyo."

Gumaan ang kalooban niya matapos ang pag-uusap na iyon. Kung ano man ang binabalak ng kuya niya para sa kanya, sa Diyos na niya pinababahala.

Pagkagaling sa opisina ng madre, kinausap niya si Shirley. Naroon ito sa silid nito sa tinutuluyan nito. Nalungkot ito nang ibalita niya ang pagbisita ng kapatid at ang desisyon nito ukol sa paglabas niya ng kumbento.

"Alam mo, Micaela, gusto ko mang lumabas ka na rito pero hindi palagay ang loob ko na sa poder ka ng kuya mo titira. Hindi siya naging mabuting kapatid sa iyo simula't simula pa, bakit ngayon bigla siyang nagkaroon ng interes na pabalikin ka sa pamamahay n'yo? Something's not right."

"Shirley, hindi naman siguro magagawa ni Kuya na ipahamak ako. Ako na lang ang natitira niyang kapamilya, hindi naman niya siguro ipapahintulot na may masamang mangyari sa akin."

"But there must be a valid reason why he's

doing this. At sa kuwento mo, ni hindi niya hiningi ang opinyon mo. Basta sinabihan ka lang niya na kailangan mo nang lumabas. Bakit ni hindi man lang niya inalam kung ano ang gusto mo?" Nasa mukha nito ang concern at alam ni Micaela na may punto ito.

Nagkibit-balikat siya. "Malay natin tama si Mother. Baka gusto lang niyang bumawi sa mga pagkukulang niya." Siya man ay nagdududa roon. Pero ipinasa-Diyos na niya ang lahat ng kanyang mga pangamba at takot. "Malalaman ko na lang 'yun pag nandoon na ako sa bahay."

"Kung si Rafael pa sana ang sasamahan mo, panatag pa ang loob ko," anito.

"Shirley! Bakit naman napasok si Rafael sa usapan natin?"

Pero pakiramdam ni Micaela ay biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso nang marinig ang pangalan ng binata.

"Kasi kung siya sana ang dahilan ng paglabas mo dito, matutuwa pa ako. Nakikita ko sa kanya ang sincere intentions niya para sa iyo. Hindi katulad ng kapatid mo na parang laging may hidden agenda."

She sighed. "Let's give him the benefit of the

doubt. Mahirap din namang husgahan natin si Kuya agad-agad."

"Basta, Micaela, kung makaramdam ka na merong mangyayari na hindi maganda sa iyo, tumawag ka dito o kaya kina Mommy. Ibibigay ko sa iyo ang address namin bago ka umalis. Okay?"

Niyakap niya ito. "Okay. Salamat!"